


Araling Panlipunan

Ikalawang Markahan – Modyul 3: Ang Epekto ng mga Patakarang Ipinatupad ng Espanya sa Bansa sa Patakarang Pang-ekonomiya at Patakarang Pampolitika



Araling Panlipunan – Ikalimang Baitang

Alternative Delivery Mode

Ikalawang Markahan – Modyul 3: Ang Epekto ng mga Patakarang Ipinatupad ng Espanya sa Bansa sa Patakarang Pang-ekonomiya at Patakarang Pampolitika Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa aklat na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Ramil P. Bingo at Philina G. Dadap

Editor: Edna C. Malasaga at Rosemarie M. Guino

Tagasuri: Engelyn P. Achacoso

Tagaguhit: Nelson Ponce

Tagalapat: Richie C. Blasabas

Tagapamahala:

Ramir B. Uytico
Arnulfo M. Balane
Rosemarie M. Guino
Joy B. Bihag
Ryan R. Tiu
Rowena P. Vacal
Genis S. Murallos
Francis Angelo S. Gelera
Rosemary S. Achacoso
Mario R. Orais
Roel C. Tugas
Regel C. Mullet

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region VIII

Office Address: Government Center, Cadahug, Palo, Leyte

Telefax: 053 – 832-2997

E-mail Address: region8@deped.gov.ph

Araling Panlipunan

Ikalawang Markahan – Modyul 3:

Ang Epekto ng mga Patakarang

Ipinatupad ng Espanya sa Bansa sa

Patakarang Pang-ekonomiya at

Patakarang Pampolitika

Paunang Salita

Ang *Self-Learning Module* o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral satahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mgakasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani- kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agadsa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag- unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Sa modyul na ito ay malalaman mo ang mga patakarang kolonyal na ipinatupad ng mga Espanyol sa bansa at ang mga epekto nito sa pamumuhay ng mga Pilipino. Malalaman mo dito ang mga paghihirap ng mga katutubo sa pagsunod ng iba't ibang patakarang pang-ekonomiya na ipinatupad ng mga mananakop.

Matutunan mo rin kung paano nagbago ang politikal na aspekto ng bansa at ang epekto nito sa mga Pilipino. Ipinakita ng mga Espanyol na sa pagbabago ng pamamahala ng bansa ay may malaking epekto ito sa pagpapalawak ng kolonya. Matutunghayan mo dito ang paglipat ng sinaunang pamamahala hanggang sa kolonyal na uri ng pamahalaan.

Ang modyul na ito ay nahahati sa tatlong aralin:

Aralin 1- Ang Epekto ng mga Patakarang Kolonyal na Ipinatupad ng Espanya sa Bansa: Pang-Ekonomiya sa Pagbubuwis, Sapilitang Paggawa at Sistemang Bandala

Aralin 2- Epekto ng mga Patakarang Kolonyal na Ipinatupad ng Espanya sa Bansa sa Patakarang Pang –Ekonomiya ng Kalakalang Galyon, Monopolyo ng Tabako, at Royal Company of the Philippines

Aralin 3- Epekto sa Patakarang Kolonyal na Ipinatupad ng Espanya sa Bansa sa Patakarang Pampolitika

Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang makapagsusuri sa mga epekto ng mga patakarang kolonyal na ipinatupad ng Espanya sa bansa tulad ng:

- Patakarang pang-ekonomiya (Hal. Pagbubuwis, Sistemang Bandala, Kalakalang Galyon, Monopolyo ng Tabako, Royal Company, Sapilitang Paggawa at iba pa)
- Patakarang pampolitika (Pamahalaang Kolonyal)



Subukin

Panuto: Subukin mong sagutin ang mga tanong sa ibaba. Piliin ang tamang sagot at titik lamang ang isulat sa iyong sagutang papel.

1. Ano ang katibayang papel na pinanghahawakan ng mga Pilipino na sila ay nagbabayad ng buwis sa Pamahalaang Espanyol?
 - A. bandala
 - B. cedula personal
 - C. listahan
 - D. resibo
2. Ang taunang *quota* ng mga produkto sa mga lalawigan na kailangang ibenta ay tinatawag na_____.
 - A. bandala
 - B. encomienda
 - C. real situdo
 - D. tributo
3. Alin sa mga sumusunod ang negatibong epekto ng sapilitang paggawa sa Pilipinong polista?
 - A. Naging mapagkumbaba sila.
 - B. Natuto silang magtipid ng pagkain.
 - C. Sila ay naging matiyaga sa pagtatrabaho.
 - D. Nawawalay sila sa kanilang pamilya nang matagal.
4. Ang pinakamapangyarihang opisyal sa bansa sa pamahalaang sentral ay_____.
 - A. Alcalde Mayor
 - B. Cabeza de Barangay
 - C. Corrigedor
 - D. Gobernador-Heneral
5. Ang tawag sa ibinayad na halaga ng isang polistang hindi makapagtatrabaho sa sistemang polo.
 - A. encomienda
 - B. falla
 - C. reduccion
 - D. tributo

6. Bakit mahalaga ang tungkulin ng Royal Audiencia sa panahon ng Espanyol?
 - A. Ito ang nagsisilbing hukumang pambarangay noon.
 - B. Ito ang sumasaklolo sa mga Pilipinong nagkakasala
 - C. Ito ang pinakamataas na hukuman sa panahon ng Espanyol
 - D. Ito ang nagbibigay ng sweldo sa mga opisyal ng pamahalaan.

7. Sino-sino ang nagtatrabaho sa Polo Y Servicio?
 - A. babaeng walang asawa
 - B. mga hindi lumipat sa poblacion
 - C. mga lalaking walang asawa
 - D. mga lalaking 16 hanggang 60 taon

8. Alin sa mga sumusunod ang ginawa ng mga polista noon?
 - A. pagkakaingin
 - B. pagtitinda ng alahas
 - C. pagtatrabaho sa mga pamilihan
 - D. pangunguha ng mga ligaw na hayop at prutas

9. Sa pagpapatupad ng patakarang bandala, ang mga magsasaka ay____
 - A. Binabayaran kaagad ang kanilang mga produkto.
 - B. Kinukumpiska ang mga produkto ng mga katutubo.
 - C. May kapalit na produkto rin galing sa mga Espanyol.
 - D. Binibigyan ng premyo ng mga Espanyol kung makukuha ang mga produkto.

10. Ang paglikom ng buwis ay napupunta sa tungkulin ng ____
 - A. pamahalaang lokal
 - B. kataas-taasang hukuman
 - C. pamahalaang sentral
 - D. pampublikong pamahalaan

Aralin

1

Ang Epekto ng mga Patakarang Pang-Ekonomiya na Ipinatupad ng Espanya sa Bansa: Pagbubuwis, Sapilitang Paggawa at Sistemang Bandala

Para madaling masakop ng mga Espanyol ang mga katutubong Pilipino, kinakailangang maghanap sila ng paraan upang matugunan ang mga pangangailangan ng kolonya. Nagpatupad ng mga patakarang pang-ekonomiya sa hangaring makuha lamang kung ano ang mga maaaring pakinabangan gaya ng lakas-paggawa at likas na yaman ng bansa.



Balikan

Panuto: Basahin ang mga tanong sa ibaba at piliin ang titik ng tamang sagot sa mga pagpipilian. Isulat sa papel ang iyong sagot.


1. Bakit kailangang pilitin ng mga Espanyol ang mga Pilipino sa bagong paniniwala?
 - A. Para maging pari din ang mga Pilipino
 - B. Para sila ay makapunta sa mga bundok
 - C. Para ganap na maipatupad ang kolonyalismo
 - D. Para makakuha sila ng mga agimat sa mga Pilipino
2. Ano ang naging mahalagang paraan na ginamit ng mga Espanyol para magtagumpay ang kanilang pananakop sa bansa?
 - A. pakikipagkaibigan sa mga katutubo
 - B. pagbili ng mga produktong gawa ng mga katutubo
 - C. pagpapalaganap ng Relihiyong Kristiyanismo sa mga katutubo
 - A. paglaban sa mga mananakop gamit ang mga sibat, bangkaw, at iba pa.
3. Ano ang paraang ginamit ng mga Espanyol na nagdulot ng kahinaan sa mga Pilipino dahil pinag-away nila ang mga kapwa Pilipino?
 - A. divide and rule
 - B. kolonyalismo
 - C. merkantilismo
 - D. sosyalismo
4. Ano ang tawag sa sapilitang pagpapalipat ng mga katutubo sa mga pueblo o sentro ng populasyon?
 - A. Falla
 - B. Polo Y Servicio
 - C. Reduccion
 - D. Residencia

5. Alin sa mga gawaing nakatala sa ibaba ang hindi ginawa sa Simbahang Katoliko noon?
- A. Pagmimisa sa pamumuno ng pari
 - B. Pagsasaulo ng mga dasal at rosaryo
 - C. Pag-awit ng mga awiting pansimbahan
 - D. Pag-aayuno ng anim na buwan



Tuklasin

Tingnan o suriing mabuti ang larawan sa ibaba. Pumili ng limang pahayag na naglalarawan sa Pilipinong nagtatrabaho at sa Espanyol na nakabantay. Isulat ang sagot sa iyong sariling papel



- Ang Espanyol ay nanonood lamang habang ang mga Pilipino ang nagtatrabaho.
- Ang Espanyol na nagbabantay ang humihila sa kalabaw.
- Masisipag ang mga Pilipinong nagtatrabaho.
- Ang Alcalde Mayor ang Espanyol na humihila sa kariton.
- Ang Gobernador-Heneral ang nag-uutos sa mga Pilipinong gumawa ng kalsada.
- Ang Espanyol na nagbabantay ay opisyal ng pamahalaan.
- Masayang tingnan ang mga taong nagtatrabaho dahil sila ang yayaman.
- Mabuti ang epekto nito sa panig ng mga Espanyol.



Suriin

Maraming patakarang pang-ekonomiya ang ipinatupad sa Pilipinas sa panahon ng mga Espanyol. Lahat ng mga pangkabuhayang ito ay nakatuon sa pagpapatatag ng kolonyang Espanyol. Sinamantala ng mga dayuhang Kastila ang serbisyo ng mga katutubo at ang kanilang mga salapi at yaman mula sa kinikita ng mga pangkabuhayang itinatag ng pamahalaan. Ilan sa mga patakarang pang-ekonomiya na ipinatupad ng mga Espanyol ay ang *pagbabayad ng buwis, sistemang bandala, at sapilitang paggawa*.

Tributo- ay sistema sa pagbabayad ng buwis sa mga katutubo sa halagang *walong reales* sa simula at tinutubuan sa mga sumusunod na taon. Pwede rin silang magbayad nito gamit ang kanilang mga ani o anumang produkto katumbas ng parehong halaga.

Cedula personal- ang ipinalit sa tributo kung saan lahat ng mga mamamayang 18 taong gulang ay kailangang magbayad para hindi maparusahan.

Sistemang bandala- ay ang taunang *quota* ng mga produkto na dapat ipagbili ng mga katutubo mula sa kanilang sakahan o ani. Kadalasan, hindi sila binabayaran ng mga Espanyol sa kanilang mga produkto. Ang *promissory note* lamang ang ipinapakita sa kanila. Nalugi sila at nawalan ng kita.

Polo Y Servicio- ito ang sapilitang paggawa o pagtatrabaho ng mga Pilipinong lalaki na 16 - 60 taong gulang. Ang tawag sa kanila ay mga **polista**. Nagtatrabaho sila ng mga mabibigat na gawain tulad ng paggawa ng malalaking simbahan, kalsada, gusali, galyon at iba pa sa loob ng 40 araw na walang sweldo.

Falla- ang tawag sa ibinayad na halaga ng isang polistang hindi makapagtatrabaho sa sistemang polo. Ayon sa batas, ang mga polista ay may sweldo at bibigyan ng pagkain ngunit hindi ito tinupad ng mga opisyal ng Espanyol. Ito ang naging dahilan ng galit at pag-aalsa ng mga katutubo.



Pagyamanin

Panuto: Sagutin ang mga tanong at piliin ang tamang sagot sa kahon. Isulat ito sa isang malinis na papel.

mga opisyal na Espanyol	nagpahirap sa buhay ng Pilipino
sistemang bandala	Mehiko
40 araw	25 taon
nagbabayad ng falla	hindi binayaran ang mga Pilipino

1. Ano ang gagawin ng mga polista kung hindi sila makakapagtrabaho sa polo?
2. Ano ang tawag sa taunang pagbibigay ng produkto ng mga katutubo?
3. Ilang araw ang iginugugol na trabaho ng mga katutubo na walang bayad?
4. Bakit ikinagalit ng mga Pilipino ang sistemang bandala?
5. Ano ang epekto ng pagbibigay buwis sa mga Pilipino

Aralin 2

Epekto ng mga Patakarang Kolonyal na Ipinatupad ng Espanya sa Bansa sa Patakarang Pang-ekonomiya ng Kalakalang Galyon, Monopolyo ng Tabako, at Royal Company of the Philippines

Isa sa malaking pagbabagong naganap sa ilalim ng pamamahala ng mga Espanyol sa Pilipinas ay may kaugnayan sa ekonomikong kalagayan ng bansa bilang sakop ng Espanya. Layunin nilang makilala sa buong daidig bilang isang makapagyarihang bansa, kaya mabilis na ipinatupad ang mga patakarang pang-ekonomiko sa mga bansang sinakop nito.



Balikan

Panuto: Piliin ang tamang sagot sa loob ng kahon para mabuo ang talata. Isulat ang sagot sa iyong papel.


tributo	bandala	walong reales
16-60	polo y servicio	16-65
40	cedula	falla

Nang ipinatupad ng mga Espanyol ang sistema ng pagbubuwis na tinatawag na _____, ang mga katutubo ay nagbabayad ng _____ bilang buwis. Maliban dito, sapilitang binibili ng pamahalaan ang mga produkto o ani ng mga katutubo na tinatawag na _____. Ang _____ o pilit na pagpapatrabaho ng mga katutubo ng iba't ibang mabibigat na gawain tulad ng imprastruktura at pagtotroso ay isa sa mga dahilan ng pagkagalit ng mga katutubo laban sa mga Espanyol. Ang mga lalaking may edad ____ hanggang ____ taon ay nagtatrabaho pa rin sa loob ng _____ araw.



Tuklasin

Tingnan ang larawan. Ito ang nagpapakita sa kalakalang galyon at monopolyo ng tabako na ipinapatupad ng mga Espanyol.



Sagutin ang mga sumusunod. Isulat ang **Yehey** kung nakabubuti sa mga Pilipino at **Aray** kung hindi nakabubuti. Isulat sa iyong papel ang sagot.

1. Ang mga Pilipino ang pinapagawa ng mga malalaking galyon na walang sweldo.
2. Naging malikhain ang mga Pilipinong gumawa ng galyon.
3. Ang mga tabako ay itinatanim sa mga sakahan at kinukuha ng mga Espanyol na walang bayad.
4. Nabigyan ng bagong produkto ang mga katutubo tulad ng tabako.
5. Tanging mga Espanyol ang yumaman sa kalakalang galyon.



Suriin

Hindi sapat ang nakolektang buwis ng mga Kastila sa mga Pilipino upang tugunan ang pangangailangan ng pamahalaan. Kaya nagpatupad ang mga Espanyol ng patakaran upang may mapagkunan ng kita ang pamahalaan.

Ang mga sumusunod ay mga patakarang ipinatupad ng mga Espanyol sa bansa.

A. Kalakalang galyon

Galyon-tawag sa sasakyang nagdadala ng mga produkto galing sa Maynila papuntang Mexico. Nagdadala rin ito ng mga kalakal galing Mexico pabalik sa bansa. Tinawag rin itong *Kalakalang Maynila-Acapulco*. Karamihan sa mga kasali dito ay mga Opisyal o may katungkulan sa bansang Espanya at mga matataas na pinuno.

Boleta- ang nagsisilbing tiket o bayad ng isang mangangalakal para makasali sa kalakalang galyon.

Mga Epekto sa Kalakalan:

- May mga bagong uri ng tanim at hayop ang dumating sa bansa.
- Napabayaang ng mga opisyal ang mga lalawigan dahil abala sila sa pagsali sa kalakalan.
- Ang mga produktong agrikultura ay hindi na naaani ng mga katutubo sa takdang panahon at hindi na rin sila nakapagtanim.
- Ang mga Pilipino ang inatasang gumawa ng galyon at nangunguha ng mga malaking kahoy na gagawing galyon.
- Tanging mga Espanyol ang yumaman sa kalakalan.

B. Monopolyo ng Tabako

Ang malawakang pagtanim ng tabako ay sa mga Lalawigan ng Cagayan, Ilocos, Pampanga, La Union, at Nueva Ecija. Sa patakarang ito, may itinakda ang pamahalaan sa dami ng tabakong ipagbibili ng mga magsasaka. Iniluluwas ang mga tabako sa Maynila para gawing sigarilyo.

Mga Epekto ng Monopolyo

- Hindi nakapagtanim ang mga magsasaka ng produktong pagkain dahil sa tabako.
- Matagal ang pagbabayad sa mga magsasaka at mayroong mga hindi nababayaran
- Pinatawan ng multa ang hindi nakakaabot sa quota ng pamahalaan.
- Nakikinabang at yumaman ang mga Espanyol

B. Royal Company of the Philippines

Ang kompanyang ito ay naitatag sa panahon ni Gobernador Basco ayon sa utos ng hari ng Espanya. Walang buwis na ipapataw sa kanilang pangangalakal sa loob ng 25 na taon. Nagbebenta rin ito ng mga produkto galing sa Pilipinas at sa ibang karatig- bansa ng Asya.


Mga Epekto sa Royal Company

- Kompetensiya sa kalakalang galyon dahilan ng pagkalugi ng kita nito.
- Dumami ang mga dayuhang mangangalakal sa bansa .
- Walang kita ang Pilipinas dahil walang bayad na buwis.
- Hindi nabayaran ang mga Pilipinong nagtatrabaho dahil sa pagkalugi nito.



Pagyamanin

Magbigay ng maaaring epekto sa mga sumusunod na patakaran. Isulat ang sagot sa inyong papel.



Aralin

3

Epekto ng Patakarang Kolonyal na Ipinatupad ng Espanya sa Bansa sa Patakarang Pampolitika

Sa araling ito ay masusuri mo ang mga pagbabagong pampolitika na ipinatupad ng kolonyal na pamahalaan. Susuriin din ang naging pagbabago sa politikal na aspekto ng bansa at ang epekto nito sa mga katutubong Pilipino mula sa kinagisnang sinaunang pamamahala hanggang sa panahon ng kolonyalismo.



Balikan

Panuto: Basahin ang mga sumusunod at ibigay ang tamang sagot. Isulat sa papel ang iyong sagot.

- _____ 1. Ang malaking barkong pangkalakalan na nagdadala ng mga produkto mula sa Pilipinas patungo sa bansang Mexico.
- _____ 2. Sila ang tanging makakasali sa negosyo sa kalakalang galyon.
- _____ 3. Ito ang kompanyang itinatag ng hari ng Espanya na patuloy ring nangangalakal.
- _____ 4. Ang patakarang nag-uutos sa pagtanim ng tabako.
- _____ 5. Nagtatrabaho ng mabibigat na gawain sa galyon at lupain




Tuklasin

Pamahalaang Sentralisado



Palacio del Gobernador

Tingnan ang larawan sa itaas. Sino kaya ang namamahala sa gusaling ito? Ano ang tawag sa namamahala dito?



Sa ilustrasyong iyong nakikita, ano ang dalawang pamahalaang itinatag ng mga Espanyol?

Alin ang nasa pinakamababang yunit?



Suriin

Pamahalaang Sentral

Napansin ng mga Espanyol na hiwa-hiwalay ang pamamahala ng mga datu sa iba't ibang barangay. Nakita nila na kailangan ang pagbabago sa pamahalaan upang mapadali ang kanilang layunin sa pananakop ng bansa. Ito ang isa sa mga naging batayan ng mga Espanyol para magtatag ng panibagong istruktura ng pamahalaan sa kolonya.

Narito ang ilang pagbabago sa mga tungkulin ng pamahalaan:

Ehekutibo- ay hawak ng Gobernador-Heneral. Siya ang pinakamapangyarihang opisyal ng bansa. Nakatira sa Palacio del Gobernador ang Gobernador-Heneral. Siya rin ay may kapangyarihan sa mga gawaing panrelihiyon sa bansa.

Royal Audiencia- ang Kataas-taasang hukuman ng bansa sa panahon ng Espanyol. Pinamumunuan din ito ng Gobernador-Heneral at may mga kasama siyang oidores o huwes na tumutulong kung may paglilitis.

Pamahalaang Lokal

Alcalde Mayor- namamahala sa alcaldia o buong lalawigan. Tungkulin niyang mangulekta ng buwis sa kanyang nasasakupang lalawigan.

Gobernadorcillo- pinuno ng isang bayan o *pueblo*. Siya rin ang naglilikom ng buwis sa buong bayan at nangangasiwa sa katahimikan ng lugar.

Cabeza de Barangay- ang namumuno sa pinakamaliit na yunit ng pamahalaan. Karaniwan ang mga datu ang napiling pinuno dito. Siya ang nangungulekta ng tributo o buwis sa barangay.

- ❖ Sa pagbabago ng pamahalaan, ang mga Espanyol lamang ang humawak ng matataas na posisyon sa pamahalaan.
- ❖ Karaniwan ang mga Pilipino ang nasa pinakamababang katungkulan.



Pagyamanin

Panuto: Iugnay ang mga pahayag sa Hanay A sa mga salita sa Hanay B. Isulat ang titik lamang sa sagutang papel.

Hanay A

1. Ang pinakamataas na hukuman ng bansa
2. Ang pinamamahalaan ng gobernadorcillo
3. Ang nasa pinakamababang katungkulan ng pamahalaang lokal
4. Siya ang humahawak sa mga gawain sa Alcaldia.
5. Siya ang namamahala sa sangay ng ehekutibo.

Hanay B

- A. Gobernador-Heneral
- B. Cabeza de barangay
- C. Royal Audiencia
- D. Pueblo
- E. Alcalde Mayor
- F. Palacio del Gobernador





Isaisip

Panuto: Punan ng tamang sagot ang bawat patlang. Isulat sa inyong sagutang papel.

1. Ang _____ ay isang uri ng buwis na ibinabayad ng mga Pilipino mula sa kanilang sariling produkto o ani.
2. Ang _____ ay ang taunang quota ng mga produktong dapat ipagbili sa pamahalaan mula sa mga magsasaka.
3. _____ ang tawag sa sapilitang paggawa ng mga Pilipinong 16-60 taong gulang na walang bayad. Sila ang mga polista.
4. Ang _____ ay ang kalakalang galyon na nagdadala ng mga produkto galing Maynila patungong Acapulco Mexico.
5. Ang _____ ay katulad ng galyon na pawang Espanyol lamang ang nakikinabang dahil sa ito ay pag-aari ng Espanyol.
6. Ang _____ ay ang pagbabago sa uri ng pamahalaan mula sa barangay patungo sa pambansang pamamahala at lokal na pamamahala.



Isagawa

Panuto: Basahin ang mga pangungusap na sumusunod. Gumuhit ng  kung nakakabuti sa mga Pilipino ang pahayag at  naman kung hindi. Gawin ito sa sagutang papel.

1. Ang pagtatayo ng simbahan ay nakatulong sa pagpapaunlad ng relihiyon.
2. Ang buwis ay napupunta sa mga opisyal na Espanyol na namamahala.
3. Sapilitang ipinapabenta ang lahat ng mga ani ng mga magsasaka .
4. Ipinapatayo ng mga gusali sa bansa ang mga buwis na kinokolekta.
5. Ang mga namamahalang pinuno ng lalawigan ay mga Espanyol lamang.



Tayahin

Panuto: Suriin ang mga patakaran sa ibaba. Pumili ng mga naging kaugnay na epekto nito. Isulat sa papel ang titik ng tamang sagot.

A. Mga Patakaran at Politika	Mga Epekto
1. Tributo	a. Pinipili ang mga kamag-anak ng Espanyol lamang.
2. Kalakalang Galyon	b. Nagpapahirap sa mga lalaki sa pagtatrabaho nang mabibigat
3. Sapilitang Paggawa	c. Nagpipilit sa mga katutubo na magbayad kahit walang kita
4. Pamahalaang Sentral	d. Napabayaang ang tungkulin ng mga Espanyol sa pagbenta ng kalakal
5. Pamahalaang Lokal	e. Nagpapahina sa negosyo sa galyon
	f. Malawakang kapangyarihan sa bansa dahil sa pagkakaloob ng maraming titulo sa pamumuno.

B. Pumili ng titik ng tamang sagot sa kabilang hanay	
6. Royal Audiencia	g. Pinakamababang yunit ng pamahalaan
7. Sistemang Bandala	h. Nakasentro sa pagbabago ng pangkabuhayan ng bansa.
8. Patakarang Pang-Ekonomiya	i. Nagpabago sa uri ng pamahalaan ng mga Pilipino
9. Sistemang Politika	j. Ang inatasang tagahukom ng bansa.
10. Pamahalaang Pambarangay	k. Nawalan ng kita ang mga magsasaka sa malakihang produktong kinuha sa kanila.




Karagdagang Gawain


May iba ka pang hamon na haharapin ngayon dahil susubukan mo pa rin ang susunod na gawain sa pamamagitan ng pagpili ng mga pahayag na angkop sa mga pangyayari noong pananakop ng mga Espanyol. Isulat ang sagot sa papel.

1. Pagtatrabaho sa malalayo
2. Pagtanim ng maraming tabako
3. Pagsali sa kalakalan
4. Pagbibigay ng falla
5. Pangangasiwa sa mga lungsod

Mga Espanyol



Mga Pilipino





Susi sa Pagwawasto

Subukin

1. B
2. A
3. D
4. D
5. B
6. C
7. D
8. A
9. B
10. A

Balikan -Aralin 1

1. C
2. C
3. A
4. C
5. D

Pagymanin-
Aralin 1

1. nagbabayad ng
falla
2. sistemang
bandala
3. 40 araw
4. hindi binayaran
ang mga Pilipino
5. nagpapahitrap
sa buhay ng
Pilipino

Tuklasin-Aralin 1

- ❖ Ang Espanyol ay nanonood lamang habang ang Pilipino ay nagtatrabaho.
- ❖ Masisipag ang mga Pilipinong nagtatrabaho.
- ❖ Ang gobernador-heneral ang nag-utos sa mga Pilipinong gumawa ng kalsada.
- ❖ Ang Espanyol na nagabantay ay opisyal ng pamahalaan.
- ❖ Mabuti ang epekto nito sa panig ng mga Espanyol

Tuklasin Aralin 2

1. Aray
2. Yehey
3. Aray
4. Yehey
5. Aray

Balikan-Aralin 2

1. Tributo
2. Walong Reales
3. Bandala
4. Polo y servicio
5. 16-65 taong gulang
6. 40 araw

Maaring sagot sa tanong 1

- Hindi nakapagtanim ang mga magkasaka ng produktong pagkain dahil sa tabako.
- Matagal ang pagbabayad sa mga magkasaka at mayroong hindi nabayaran magkasaka at mayroong hindi nakapagtanim ng multa ang hindi nakapagtanim ng pamahalaan.

Maaring sagot sa tanong 2

- Napabayad ng mga opisyal ang mga lalawigan dahil abala sila sa pagtali sa kalakalan.
- Tanging mga Espanyol ang yumaman sa kalakalan.

Maaring sagot sa tanong 3

- Walang kita ang Pilipinas dahil walang bayad na buwis.
- Hindi nabayaran ang mga Pilipinong nagtatrabaho dahil sa pagkalugi nito.

Payamanin- Aralin 2

Tuklasin -Aralin 3

- Gobernador-heneral
- Palacio del gobernador
- Pamahalaang sentral at lokal
- Barangay

Balikan-Aralin 3

1. Galyon
2. Espanyol
3. Royal Company of the Philippines
4. Monopolyo ng Tabako
5. Mga katubong Pilipino






Pagymanin -Aralin 3

1. C
2. D
3. B
4. E
5. A

Isaisip

1. Tributo
2. Bandala
3. Polo Y Servicio
4. Katakalang Acapulco-Maynila
5. Real company of the Philippines
6. Patakaranng Pamolitika

Isagawa

1. 
2. 
3. 
4. 
5. 

Tayahin

1. C
2. D
3. B
4. F
5. A
6. J
7. K
8. H
9. I
10. G

Karagdang Gawain

Espanyol

- Pagsali sa katakalan
- Pangangasiwa sa mga lungsod

Mga Pilipino

- Pagtatrabaho sa malalayo
- Pagtatanim ng maraming tabako
- Pagbibigay ng falla

SANGGUNIAN

patrickroque01, 2019. *Palacio Del Gobernador - Facade (Intramuros, Manila; 11-10-2019).Jpg*. [online] En.wikipedia.org. Available at:
<[https://en.wikipedia.org/wiki/File:Palacio_Del_Gobernador_-_facade_\(Intramuros,_Manila;_11-10-2019\).jpg](https://en.wikipedia.org/wiki/File:Palacio_Del_Gobernador_-_facade_(Intramuros,_Manila;_11-10-2019).jpg)> [Accessed 17 June 2020].

Man, R., 2006. *File:Nicotiana Tobacco Plants 1909Px.Jpg - Wikimedia Commons*. [online] Commons.wikimedia.org. Available at:
<https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Nicotiana_Tobacco_Plants_1909px.jpg> [Accessed 17 June 2020].

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-
BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph